

## ANO ANG PANDIDISKRIMINA SA PINAGMUMULAN NG KITA?

Pinagtibay ng Batas sa Karapatang Pantao (Human Rights Act) ng Illinois na labag sa batas para sa mga provider ng pabahay ang pandidiskrimina batay sa iyong pinagmumulan ng kita.

### ANO ANG PINAGMUMULAN NG KITA?

Ang naaayon sa batas na paraan ng pagsuporta mo sa iyong sarili at sa iyong pamilya.

Mga Halimbawa:

- Mga Voucher sa Pagpipilian sa Pabahay
- Mga Benepisyo ng SSI/SSDI
- Suporta sa bata
- Kita sa Pagreretiro
- Pansamantalang Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan (Temporary Assistance for Needy Families, TANF)
- Programa ng Tulong sa Pandagdag na Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP)
- Pamana

### PAANO ILARAWAN ANG PANDIDISKRIMINA SA PINAGMUMULAN NG KITA?

- Sinasabi ng landlord na hindi siya tumatanggap ng mga voucher na Seksyon 8
- Hinihingi ng landlord na dapat mayroong trabaho ang mga nangungupahan
- Hindi nakikipagtulungan ang landlord sa inspeksyon ng awtoridad sa pabahay
- Gumagawa ang landlord ng pagsusuri sa background ng mga may hawak ng voucher pero hindi niya ginagawa sa iba pang aplikante
- Hinihingi ng landlord sa mga nangungupahan na dapat mayroon silang kita mula sa Social Security para patunayan na permanente ang kanilang kita
- Iba pang anyo kung saan iba ang pagtrato sa mga nangungupahan dahil sa kanilang pinagmumulan ng kita

### PAANO KUNG SABIHIN NG LANDLORD NA MAY KINAKAILANGANG MINIMUM NA KITA, O DAPAT NA TATLONG BESES NA MAS MATAAS ANG AKING KITA KUMPARA SA RENTA?

Maaaring isa itong pandidiskrimina depende sa mga pangyayari. Kumonsulta sa isang abogado.

### ANO ANG MAAARI KONG GAWIN KUNG SA PALAGAY KO AY NAKARARANAS AKO NG PANDIDISKRIMINA BATAY SA AKING PINAGMUMULAN NG KITA?

- Pag-isipan ang paghahain ng reklamo sa Departamento ng Karapatang Pantao (Department of Human Rights) ng Illinois sa [illinois.gov/dhr](http://illinois.gov/dhr).
- Kung naniniwala kang nadiskrimina ka dahil sa iyong Voucher sa Pagpipilian sa Pabahay, talakayin din ito sa iyong awtoridad sa pabahay.
- Makipag-ugnayan sa PSLS para makipag-usap sa isang abogado.



PRAIRIE STATE  
LEGAL SERVICES

# MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay biktima ng pandidiskrimina sa pabahay, maaaring makatulong ang Proyekto ng Makatarungang Pabahay. Ikokonekta ka namin sa tanggapan ng PSLS na nagsisilbi sa county kung saan ka nakatira.

855-FHP-PSLS (347-7757)  
pslegal.org/fairhousing



## MGA TANGGAPAN NG PSLS

### Bloomington

Nagseserbisyo sa mga County ng Livingston, Mclean at Woodford

### Galesburg

Nagseserbisyo sa mga County ng Henderson, Knox, McDonough at Warren

### Joliet

Nagseserbisyo sa County ng Will

### Kankakee

Nagseserbisyo sa mga County ng Iroquois at Kankakee

### Moline

Nagseserbisyo sa mga County ng Henry, Lee, Mercer, Rock Island at Whiteside

### Ottawa

Nagseserbisyo sa mga County ng Bureau, Grundy, LaSalle at Putnam

### Peoria

Nagseserbisyo sa mga County ng Fulton, Marshall, Peoria, Stark at Tazewell

### Rockford

Nagseserbisyo sa mga County ng Boone, Carroll, Jo Daviess, Ogle, Stephenson at Winnebago

### Waukegan

Nagseserbisyo sa County ng Lake

### West Suburban

Nagseserbisyo sa mga County ng DeKalb, DuPage, Kane at Kendall

### Woodstock

Nagseserbisyo sa County ng McHenry

## PAGPOPONDO

Ang trabaho na naging basehan ng publikasyong ito ay sinuportahan ng pondo na ipinagkaloob kasama ang Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod (Department of Housing and Urban Development) ng U.S. Ang nilalaman at mga natuklasan ng trabahong ito ay inihahandog sa publiko. Tanging ang may-akda at tagapaglathala lamang ang may responsibilidad sa katumpakan ng mga pahayag at mga interpretasyon sa publikasyong ito. Hindi nangangahulugan na sinasalamin ng mga interpretasyong ito ang mga pananaw ng Pederal na Pamahalaan.



Katuwang ng Komunidad

LSC America's Partner  
for Equal Justice  
LEGAL SERVICES CORPORATION

Para suportahan ang aming gawain, bisitahin ang pslegal.org/donate.

Maghanap ng mga legal na mapagkukunan at mag-aplay para sa tulong sa Illinois Legal Aid Online. Bisitahin ang [illinoislegalaid.org](http://illinoislegalaid.org) o i-scan ang code.



PRAIRIE STATE  
LEGAL SERVICES

Administrative Office  
303 North Main Street  
Suite 600  
Rockford, IL 61101  
815-965-2134  
[info@pslegal.org](mailto:info@pslegal.org)  
[pslegal.org](http://pslegal.org)



Iginagalang namin ang mga karapatan sa pagkapribado ng aming mga kliyente. Hindi kami nagdidiskrimina batay sa lahi, etnisidad, kulay, relihiyon, gender, pagkakakilanlan ng gender, ekspresyon o presentasyon, sekswal na oryentasyon, bansang pinagmulan, genetika, kapansanan, edad o anumang katayuang protektado ng batas.